## Metodolohiya

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay gagamit ng isang kwalitatibong case study na disenyo upang masusing masuri ang umiiral na pamamaraan ng konserbasyon at renobasyon sa mga estruktura ng Las Piñas Historical Corridor. Pinili ng mananaliksik ang metodolohiyang ito upang magkaroon ng malalim na pag-unawa sa konteksto ng konserbasyon, alinsunod sa pangunahing teorya na gagamitin sa pag-aaral —- ang Restoration Theory ni Gustavo Giovannoni.

Sa pangangalap ng datos, gagamit ng tatlong pangunahing pamamaraan ang may akda: dokumentasyon, pakikipanayam, at pagsusuri ng teorya. Una, isasagawa ang dokumentasyon sa pamamagitan ng pangangalap ng mga umiiral na ulat, pag-aaral, plano, at polisiya na may kaugnayan sa konserbasyon at renobasyon ng mga estruktura sa koridor. Kabilang sa mga datos na ito ang pagsusuri sa mga biswal at tekstuwal na materyales katulad ng mga larawan, arkitektural na plano, at ulat mula sa lokal na pamahalaan ng lungsod.

Para sa ikalawang pamamaraan, makikipagpanayam ang mananaliksik sa mga *key informats* na may kaugnayan sa pag-aaral, kabilang ang tagapamahala ng Las Piñas Historical Corridor Project, kinatawan ng lokal na gobyerno ng lungsod, at sa lokal na Departamento ng Turismo. Ang pakikipanayam ay isasagawa nang personal o online, kung kinakailangan, upang alamin ang kanilang pananaw at karanasan patungkol sa mga paraan ng konserbasyon at renobasyon sa koridor. Alinsunod dito,

bubuo ng mga *open-ended questions* ang mananaliksik batay sa Restoration Theory at sa mga layunin ng pag-aaral.

At panghuli, isasagawa ang pagsusuri ng teorya gamit ang Restoration Theory bilang pangunahing balangkas ng pag-aaral. Tutukuyin at susuriin ang mga pamamaraan ng konserbasyon at renobasyon batay sa mga prinsipyo ni Giovannoni, at ihahambing ang mga ito sa naging aksyon ng implementasyon at epekto ng mga umiiral na polisiya na nakapalibot sa Las Piñas Historical Corridor Project.

Sa pagsusuri ng nakalap na datos, gagamitan ito ng deskriptibong pamamaraan. Matapos mangalap ng mga impormasyon sa iba't ibang dokumento, ang mananaliksik ay magsasaayos at magbubuod ng datos upang madaling matukoy ang mga umiiral na praktika at polisiya kaugnay sa konserbasyon at renobasyon. Matapos ang unang proseso, pag-aaralan at ilalarawan ang mga nakalap na impormasyon mula sa mga kinakapanayam upang masuri ang kanilang pananaw kaugnay sa konserbasyon. Ihahambing ang lahat ng nakalap na datos upang masuri ang antas ng implementasyon at pagkakaugnay nito.

Ang lahat ng datos mula sa mga dokumento hanggang sa panayam ay dadaan sa sistematikong pamamaraan upang masusing makabuo ng mga maayos at angkop na rekomendasyon  sa lokal na konteksto ng Las Piñas Historical Corridor.

## Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral na ito ay nakasandig sa Restoration Theory ni Gustavo Giovannoni. Ang kanyang pananaw at prinsipyo ay makatutulong sa pagsusuri ng konserbasyon, lalo na sa konteksto ng urbanisasyon dahil ito ay nagbibigay-diin sa balanse na pagpapahalaga sa konserbasyon ng orihinal na pagkakakilanlan ng mga ito at modernisasyon ng mga makasaysayang estruktura. Ayon kay Giovannoni, maaaring maisagawa ang konserbasyon sa apat na pamamaraan —- pagpapatatag o pagpapatibay ng estruktura, pagsasaayos sa ilang bahagi nito, pagpapalaya sa mga estruktura na hindi akma sa orihinal na disenyo, at pagbuo o renobasyon sa pamamagitan ng makabaging teknolohiya (Salcedo, 2023). Mula sa kanyang mga pangunahing prinsipyo, maaaring pag-aralan ang angkop na mga hakbang upang mapanatili ang integridad ng Las Piñas Historical Corridor.

### A. Mga Pangunahing Prinsipyo ni Giovannoni

#### a. Urban Heritage

Ayon kay Giovanonni, ang *urban heritage* ay tumututukoy sa kabuuang at natatanging pagkakakilanlan ng isang urbanong espasyo kabilang ang mga pisikal, kultural, at historikal na elemento (Institute of Historic Building Conservation, 2020). Pinapahalagan nito ang mga pangunahing monumento, ugnayan ng mga estruktura, espasyo, at komunidad na nakapalibot dito.

##### i. Urban Ensemble

Nakasalalay ang kabuuang halaga ng isang lugar sa pagkakakonekta ng mga gusali sa isa't isa at hindi lang naka batay sa indibidwal na halaga ng bawat estruktura. Mahalaga sa pagpapanatili ng identidad at kasaysayan ng urbanong espasyo ang pagkakaroon ng pagkakaugnay ng mga estruktura dito.

**ii. Minor Buildings**

Mahalaga sa pagbibigay ng identidad at kontinuwidad sa mga makasaysayang lugar ang mga karaniwang gusali sapagkat ito ang mga sumusuporta sa mga pangunahing estruktura. Bagamat tinuturi silang hindi kasing tanyag ng mga pangunahing monumento, nagpapatibay ng konteksto ng *urban heritage* ang kanilang presensya at pagkakakilanlan.

**b. Sventramento**

Sa gitna ng patuloy na modernisasyon, mariin na tinutulan ni Giovannoni ang malawakang demolisyon ng mga estruktura na kanyang tinatawag na sventramento. Ang malawakang pagbabago na ito ay nagdudulot ng pagkawala ng kultural na kahalagahan at orihinal na *urban layout*. Sa halip, kanyang binigyang-diin ang pagkakaroon ng mas maingat at masusing interbensyon na magpapanatili ng biswal at kultural na pagkakakilanlan ng mga maksaysayang estruktura.

**c. Diradamento**

Kaugnay sa sventramento, isa sa mga pangunahing solusyon na inirerekomenda ni Giovannoni ang kanyang prinsipyong diradamento (*lightening* o *pruning*) dahil hindi nito sinisira ang historikal na halaga ng

isang estruktura kahit linisin ang *urban fabric*. Ayon sa kanya, maaaring alisin ang mga aragdagang estruktura na hindi akma sa orihinal na disenyo upang mapanatili ang pagkakaisa ng mga biswal at historikal na aspeto ng isang estruktura o lugar.

**B. Mga Aplikasyon ng Prinsipyo**

**a. Kalagayan ng mga Estruktura sa Koridor**

Kailangang magkaroon ng mas malalim at *holistic* na pagsusuri sa kasalukuyang pisikal na kondisyon ng Bamboo Organ, Zapote Bridge, at iba pang makasaysayang estruktura gamit ang mga prinsipyong inilatag at itinatatag ni Giovannoni. Sa pamamagitan nito, mapapanatili ang integridad at identidad nito sa kultural na *landscape* ng bayan ng Las Piñas.

**b. Mga Hamon sa Konserbasyon**


Mahalagang tukuyin at pag-aralan ang iba't ibang hamon na nakakaapekto sa paglulunsad ng konserbasyon at restorasyon ng mga makasaysayang estruktura katulad ng urbanisasyon, kakulangan ng pondo, at limitadong suporta mula sa pamahalaan.

**c. Praktika ng Konserbasyon**

Ang mga umiiral na pamamaraan at praktika ng konserbasyon sa koridor ay kinakailngang ihambing sa mga prinsipyo ng Restoration Theory upang matukoy ang mga kahinaan at kalikasan o ang kabuuang antas nito ayon sa teorya.

Sa kabuuan, magiging sentro ng pagsusuri sa konserbasyon at renobasyon ng mga estruktura sa Las Piñas Historical Corridor ang Restoration Theory ni Gustavo Giovannoni. Sa pamamagitan nito, inaasahang makakabuo ng makabuluhang praktika at rekomendasyong angkop sa lokal na konteksto, habang binibigyang pansin din ang modernisasyon at integridad ng mga makasaysayang lugar na pangunahing layunin ng pag-aaral na ito.

**Konseptwal na Balangkas**




Kasabay ng paggamit ng Restoration Theory bilang pangunahing teorya sa pagsusuri ng konserbasyon at renobasyon ng Las Piñas Historical Corridor, isinasaalang-alang din ang konsepto ng integridad sa *urban heritage conservation* batay sa "Developing a Conceptual Framework of Integrity in Urban Heritage Conservation" mula kay Fadaei Nezhad et al. (2016). Ang integridad ay ang *wholeness* at *intactness* ng isang makasaysayang estruktura, na binibigyang-diin ang iba't ibang

aspeto nito kabilang ang pisikal, kultural, at panlipunang pagkakilanlan. Sa integridad, mayroong dalawang dimensyon ang mahalagang suriin —-- ang *structural-historical integrity* (pagpapanatili ng pisikal na kondisyon ng estruktura) at *visual-aesthetic integrity* (pag-iwas sa biswal na pagbabago na maaaring makasira sa kabuuang halaga ng estruktura).

Sa pag-aaral na ito, ang mga umiiral na polisiya at pamamaraan ng konserbasyon ang *independent variable*, samantalang ang antas ng integridad at estado ng konserbasyon ng mga estruktura sa koridor ang magiging *dependent variable*. Ang epektibong konserbasyon at renobasyon, alinsunod sa Restoration Theory, ay makakatulong sa pagpapanatili ng integridad ng mga makasaysayang estruktura. Subalit, maaaring magresulta sa pagkawala ng *wholeness* at *intactness* ng mga estruktura kung hindi magiging maayos o wato ang implementasyon ng mga polisiya at pamamaraan.

Gamit ang teoretikal at konseptwal na balangkas, ang pananaliksik na ito ay nakabatay sa dalawang pagpapalagay: (a) maaaring iangkop sa lokal na konteksto ng Las Piñas ang mga prinsipyo ni Giovannoni patungkol sa konserbasyon at restorasyon, at (b) isang pangunahing salik sa tagumpay ng konserbasyon ang integridad ng isang estruktura. Buhat dito, layunin ng mananaliksik na makabuo ng mga makabuluhang rekomendasyon at pamamaraan para sa konserbasyon at renobasyon ng Las Piñas Historical Corrido batay sa Restoration Theory at mga aspeto ng integridad.